PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG
Huwebes, Pebrero 23, 2023

MAKIPAG-UGNAYAN KAY:
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
510-499-3419
krivera@alamedaalliance.org

# ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH, PINANGALANAN ANG BAGONG CHAIR AT VICE-CHAIR NG LUPON, AT NAG-WELCOME NG DALAWANG BAGONG MIYEMBRO NG LUPON

Pinangalanan si Rebecca Gebhart bilang Chair ng Lupon, si Dr. Noha Aboelata bilang Vice-Chair, at sina Supervisor Lena Tam at Jody Moore bilang mga bagong Miyembro ng Lupon ng Alliance.

Alameda, CA – Sa araw na ito, inanunsyo ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nangangasiwa sa access sa mga serbisyo sa kalusugan para sa mahigit 350,000 residente ng County ng Alameda na pinangalanan si Gng. Rebecca Gebhart bilang Chair ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance. Ang lupon ay ang nangangasiwang lupon ng Alliance, na ang nangungunang planong pangkalusugan sa pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal na nagseserbisyo sa mahigit 80% ng mga nasa hustong gulang at batang nasa programa ng Medi-Cal.

“Nananatiling nakatuon ang Alliance sa pagbibigay sa pinakamahuhusay na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa lahat, at pinagsisikapan na nitong pagandahin ang kalidad ng pamumuhay para sa mga residente ng County ng Alameda mula pa noong 1996,” sabi ni Scott Coffin, ang CEO ng Alliance. “Bilang mga dati nang lider sa pangangalagang pangkalusugan at komunidad, makakapagbigay ang Lupon ng Mga Gobernador ng mga makabuluhang opinyon na makakapagbigay ng gabay at direksyon sa ating layunin at hangarin para mas maraming tao na maabot ang ating mga serbisyo, at mapahusay ang lokal na sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng madiskarteng integration.”

“Ikinararangal kong maglingkod bilang Chair ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance at makipagtulungan sa aking mga kasamahan sa Lupon para maisulong ang layunin ng plano na pabutihin ang kalusugan at kapakanan ng ating mga miyembro,” sabi ni Gng. Gebhart, ang katatalaga lang na Chair ng Lupon ng Alliance.

Si Gng. Gebhart, na nagseserbisyo na bilang miyembro ng Lupon mula pa noong Mayo 2016 ay may mahigit sa 20 taong karanasan sa pananalapi sa pangangalagang pangkalusugan, at dating nagserbisyo bilang Director ng Pananalapi sa Ahensya ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng County ng Alameda bago siya nagretiro. Nagserbisyo si Gng. Gebhart bilang Assistant Director ng HCSA, at sinubaybayan niya ang lahat ng operasyon sa pananalapi para sa $1 bilyong dolyar na ahensya na binubuo ng Kalusugang Nauugnay sa Pag-uugali, Pangangasiwa/Kalusugan ng Mga Indigent, Kalusugan ng Publiko, at Kalusugang Nauugnay sa Kapaligiran. Nagserbisyo si Evan Seevak, MD bilang Vice Chair mula 2017 hanggang 2019, at bilang Chairperson mula 2019 hanggang 2022. Nananatili si Dr. Seevak bilang miyembro ng Lupon ng Mga Gobernador at kinikilala at pinasasalamatan siya para sa mahigit 11 taon ng serbisyo.

Ikinagagalak din ng Alliance na ianunsyo ang pagtatalaga kay Dr. Noha Aboelata bilang Vice-Chair ng Lupon Si Dr. Aboelata ang tagapagtatag at CEO ng Roots Community Health Center at isang masigasig na lider sa pangangalagang pangkalusugan at tagapagsulong na naglalayong alisin ang hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa mga indibidwal na may mababang kita sa East Oakland at sa mas malawak na komunidad ng County ng Alameda.  Nagseserbisyo na si Dr. Aboelata sa Lupon ng Alliance mula pa noong 2018 at sa kabuuan ng kanyang karera, bumuo siya ng pangkalahatang pamamaraan na nakatuon sa pagiging mas naa-access at hindi pabagu-bagong pangangalaga sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga pasyente sa iba't ibang resource na sumusuporta sa kanilang kalusugan at pangkalahatang kapakanan.

May pinangalanan ang Alliance na dalawang bagong miyembro ng Lupon:

Sumali si Supervisor Lena Tam, ang kakahalal lang na miyembro ng Lupon ng Mga Supervisor ng County ng Alameda sa Alliance bilang bagong miyembro ng Lupon. Si Supervisor Tam ay isang dati nang lider sa komunidad at alagad ng publiko na dating nagserbisyo bilang Vice Mayor ng Lungsod ng Alameda kung saan siniguro niya ang pabahay para sa mga nakatatandang may mababang kita at sinikap niyang pahusayin ang mga pang-safety net na serbisyo para sa mga residente ng Alameda. Nagserbisyo rin siya bilang Presidente ng Lupon ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Lungsod ng Alameda kung saan walang humpay siyang nagsikap para mapanatiling bukas ang Alameda Hospital at matiyak na patuloy itong nagbibigay ng mga pang-emergency na serbisyo sa komunidad.

Sumali si Bb. Jody Moore, na isang residente ng Alameda na may dalawang anak, sa Lupon ng Alliance bilang Consumer na Miyembro. Bilang magulang ng isang batang may mga espesyal na pangangakailangan, marami nang taon na inilaan si Bb. Moore para itaguyod ang mga serbisyong sumusuporta sa mga taong may mga kapansanan. Dati nang nanungkulan si Bb. Moore sa Komisyon sa Kapansanan ng Alameda, at nagserbisyo siya bilang Vice Chair nang ilang taon. Noong 2011, itinatag niya ang grupong *The Alameda Autism Community Network* at inilaan niya ang karamihan sa kanyang oras para suportahan ang mga event na nagbibigay ng kabatiran tungkol sa mga isyung nakakaapekto sa mga taong may mga kapansanan.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa http://alamedaalliance.org/.

###

## Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Itinatag noong 1996, ang Alliance ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalamin ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 330,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan

ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).